Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-21 NG HUNYO, 2021 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

**WALA**

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 21-06-193

**RESOLUSYON NG PAGKILALA AT PASASALAMAT SA MGA INDIBIDWAL NA KINATAWAN NI G. DANNY FESTIN SA PAGBIBIGAY NG KAUKULANG PONDO PARA SA PAGKUKUMPUNI AT REHABILITASYON NG ISANG SILID-ARALAN NA NASIRA NG BAGYONG URSULA SA BATING ELEMENTARY SCHOOL, SITIO BATING, BARANGAY MILAGROSA, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

**"SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro na sa kabila ng pinansyal na pagsubok at kakulangan sa pamumuhay ay mapalad pa rin sa pagkakaroon ng mga indibidwal na mayroong kanais-nais at positibong karakter na siyang nagbibigay inspirasyon at pag-asa sa progresibo at matiwasay na komunidad;

**"SAPAGKAT,** si G. Danny Festin ay isang matagumpay na lehitimong anak ng Bulalacao na nagsisilbing instrumento sa iba't ibang kawang-gawa at kabutihan na sadyang nakatutulong ng higit sa mga Bulalacaonon;

**"SAPAGKAT,** ang Bayan ng Bulalacao ay ang pinakamalubhang nasalanta ng Bagyong Ursula noong Disyembre 2019 na siyang sumira sa maraming kabahayan at iba't ibang pasilidad, sa ginawang inisyatibo at masidhing pakikipag-ugnayan ni G. Danny Festin sa iba't ibang indibidwal ay nakalikom siya ng sapat na pondo upang makumpuni at bigyan ng rehabilitasyon ang isang silid-aralan sa Bating Elementary School ng Barangay Milagrosa;

**"SAPAGKAT,** sina Marie Veloso ng FADI Cebu, Cecille Bravo ng Intele Manila, Carmen Tambungui ng Lungsod ng Maynila, Glenn Festin ng Bayan ng Pinamalayan, Dan Mea ng Utech Manila at Tessie Valenzuela na nagmula pa sa bansang Canada,ay ang mga butihing indibidwal na nagpaabot ng tulong-pinansyal para masakatuparan ang mithiin ni G. Danny Festin na mabigyan ng maayos na silid-aralan ang mga guro at mag-aaral ng Bating Elementary School;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ay lubos na nagpapasalamat sa bawat indibidwal na kahit hindi taga-Bulalacao ay nagkawang-gawa at nagbigay pa rin ng tulong-pinansyal para sa Bayan ng Bulalacao, at malugod nitong kinikilala ang butihing hangarin ni G. Danny Festin na matulungan at suportahan ang mga kapwa niya Bulalacaonon; Kung kaya't dahil dito...

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** Kilalanin at pasalamatan ang mga indibidwal na kinatawan ni G. Danny Festin sa pagbibigay ng kaukulang pondo para sa pagkukumpuni at rehabilitasyon ng isang silid-aralan na nasira ng bagyon Ursula sa Bating Elementary School, Sitio Bating, Barangay Milagrosa, Bulalacao, Oriental Mindoro.

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron, SB Member Dexter R. Gonzales at SB Member Elpidio N. Contreras na pinangalawahan ni SB Member Dennes M. Faner, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY":** Hunyo 21, 2021 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
SB Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**BERNADETTE M. SAPUNGAN**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 7-14-2021

240621/BMS/admm

Scanned with CamScanner